

Academy of Medical Arts at Carson High School

T: Ilarawan ang layunin at sadya ng paaralan

Ang paghubog ng mga mag-aaral na naghahangad na matuto habambuhay, makilahok sa lipunan sa isang makahulugang pamamaraan, at magtaguyod ng mga malulusog na komunidad ay ang layunin ng *Academy of Medical Arts* (AMA). Sinasadya ng aming *pilot school* na makapagtapos ang bawat-isang mag-aaral na tinutugunan ang mga pamantayan ng akademikong pag-aaral at ng pag-aaral ng teknikal na karera. Ang mga mag-aaral ng AMA ay magiging handa para sa kolehiyo at para sa mga karerang pangkalusugan: sa pangangalaga ng kalusugan o *healthcare*, sa medisina, sa *allied health*, sa *biotechnology*, sa kalusugang panlipunan, at sa serbisyong panlipunan. Ang aming mga mag-aaral ay matututong maging mga responsableng mamamayang aktibo sa kani-kanilang mga komunidad. Sa AMA, tinutulungan ng mga *thematic learning opportunities* ang aming mga mag-aaral na suriin ang agham at ang mga kasanayang pangkalusugan ng bawat panig ng mundo. Matututo ang bawat mag-aaral sa tamang pagpapasya na makakatulong sa sangkatauhan. Sisiyasatin din ng mga mag-aaral ang mga pamamaraan kung saan ang mga sangay ng kalusugan at medisina ay magsasama, pati na ang paggamit ng teknolohiya para makalikha ng mga makabagong ideya para sa pagsulong ng medisina at kasanayang pangkalusugan. Magiging matagumpay ang mga mag-aaral ng AMA dahil nakikilahok sila sa mga pagkakataong pangkasanayan at sa pagsasaliksik ng mga karera, mga pagkakataong matuto sa labas ng silid-aralan at sa mga sitwasyong pangkalusugan at pangmedisina sa kanilang komunidad. Ayon sa *Bureau of Labor Statistics*, ang sangay ng pangangalaga ng kalusugan, o *healthcare*, ay lilikha ng tatlong milyon at dalawandaang-libong (3.2 million) panibagong trabaho mula ngayon hanggang sa taong 2018. Higit pa roon, sampu sa dalawampung pinakamabilis na lumalaking okupasyon ngayon ay may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan o *healthcare*. Binibigyan ng AMA ang aming mga mag-aaral ng lamang sa pag-aaral at sa trabaho.

T: Anong matututunan at magagawa ng inyong mga mag-aaral kapag sila ay pumasok sa inyong pamantasan? Ang mga makapagtapos sa Academy of Medical Arts ay magiging...

- Dalubhasa sa propesyonal na pag-uugali dahil sa kanilang tatlong taong karanasan sa sangay ng medisina at pangangalaga ng kalusugan,
- Mahusay sa paglutas ng problema at sa tamang pagpapasiya na hindi kailanmang sumusuko sa hamon,
- Mga taong mapagmalasakit na may kayang makipag-ugnayan sa tao,
- Mga taong handa sa kolehiyo at sa karera,
- Mga taong masiyasat, at
- Sanay sa iba't ibang teknolohiyang moderno.

T: Anong tatlong suliranin ang makikita sa datos ng Carson?

Ayon sa datos, hinahadlang ang mga mag-aaral ng Carson ng: 1) isang kultura ng pagpapawalang-bahala, 2) mga mababang marka, lalung-lalo na sa matematika, at 3) paglalakwatsya. Nakakasira ang tatlong suliranin na ito sa klima, reputasyon, at kakayahang magturo sa *Carson High School*. Bilang AMA, ang aming pangunahing hangarin ay ang paghubog ng kultura sa paaralan tungo sa isang kapaligirang para sa akademikong kahusayan ng lahat. Kasama sa layuning ito ng AMA ang makapaglikha ng kapaligirang ligtas at positibo para sa araw-araw na pakikipaglahok kung saan may mataas na pamantasan para sa bawat mag-aaral at guro. Aakitin namin ang bawat mag-aaral na makilahok sa kanilang mga pangunahing asignatura, kabilang ang pag-aaral ng wikang Ingles, agham at matematika, at ang mga sining, sa pamamagitan ng mga mapaghamon at kawiling-wiling aralin na nag-uugnay sa iba't ibang mga disiplina, proyekto, at karanasan. Bibigyan ng halaga ang pagdalo at kahustuhan sa oras.

T: Paano ninyo ginagamit ang datos ukol sa mag-aaral sa pagdidisenyo ng serbisyong pangmag-aaral na hinahanda ang bawat mag-aaral sa pagtatapos handa sa kolehiyo at sa trabaho?

Patuloy na mangongolekta at magsusuri ang mga tauhan ng AMA ng samu't saring datos ukol sa kahusayan ng mga mag-aaral upang matukoy kung natutugunan ng mga mag-aaral ang mga

pamantayan ng kanilang baitang, ng kanilang aralin, ng kanilang karera't kasanayan, at ng pagiging handa para sa kolehiyo. Gamamitin rin ng AMA ang datos ng paaralan para matukoy kung sinu-sino sa mga mag-aaral ang nangangailangan ng pagpapayo sa problemang emosyonal o ukol sa asal na nakakahadlang sa kanilang pag-aaral. Natatangi ang aming paaralan dahil sa aming pagpapahalaga sa karanasang pantrabaho kung saan natututo at nakikilahok ang bawat mag-aaral sa silid-aralan at sa pag-oobserba ng mga propesyonal sa pakikipag-ugnayan at paggamit ng kasanayang matematiko. Kasama sa pagpapahalaga ng AMA ang tamang paggamit ng natutunan.

Magtitiyaga ang AMA para masigurong nabibigyan ang bawat mag-aaral sa lahat ng grupo ng mga kasangkapang kailangan nila para makayanin nila ang mga *standardized tests* at mapagkasanay nila ang mga pamantasang pang-estado sa lahat ng sangay pang-akademya. Magagawa namin ito sa pamamagitan ng mga masusing pinaghandang araling nag-uugnay sa iba't ibang asignatura at ng mga pagkakataong matuto na nakabatay sa mga proyekto na nakaugnay sa kalusugan at medisina. Nagbigay daan sa tagumpay ng aming pangkasalukuyang programa, ang *Carson Health and Medical Partnerships* o CHAMPS, ang masusing pagsusuri ng nakalap na datos. Matagumpay ang CHAMPS sa iksameng peryodikal, pang-departemento, at *standardized* dahil kasama sa aming programa ang palagiang serbisyong pangsuyporta sa mag-aaral, proyektong pangkatan, *tutoring and mentoring*, at pagtatanghal. Hinahanda ng mga mahihigpit na araw-araw na gawain ang mga mag-aaral para sa kolehiyo at sa karera.

T: Paano ba matutugunan ng inyong paaralan ang mga pangangailangang pang-akademya ng lahat ng mag-aaral, kasama na ang mga mag-aaral na may kapansanan, mga mag-aaral na kapos sa pera, mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, mga mag-aaral na likas na matalino, mga mag-aaral na *English Learners at Standard English Learners*?

Inaasahan namin na tutulad ang populasyon ng AMA sa Carson High School sa demograpiko ng Carson High School at mabibilang dito ang halos siyam na porsiyentong mag-aaral na natututo ng Ingles (*English Learners*) at labing-isang porsiyentong may espesya na pangangailangan (*Special Education*), labintatlong porsiyentong likas na matalino, at limampung porsiyentong mababa ang kita. Mabibigyan ang lahat ng mag-aaral ng pagkakataong matugunan ang lahat na kinakailangang kurso (*A-G Requirements*) para makapasok sa mga paaralang CSU/UC.

Inaanyayahan namin ang mga mag-aaral na kumuha ng mga kursong *honors* at *AP* habang sila ay nagpapatuloy sa AMA. Inaanyayahan din namin ang mga mag-aaral na kumuha ng mga kursong pang-kolehiyo sa mga lokal na kolehiyong pangkomunidad nakikipagtulong sa aming programa. Sinusuporta ng *National Association of School Psychologists* (NASP) ang aming estratehikong pagtugon sa iba't ibang antas ng mga pangangailangang panlipunan, emosyonal, at pang-akademya ng mga mag-aaral. Pinapahayag ng NASP na mas malaki ang posibilidad na pumasok at makapagtapos ng *bachelor's degree* sa kolehiyo ang mga mag-aaral na kumukuha ng mga kursong mataas ang kapantayan sa mataas na paaralan, kabilang dito ang mga kursong matematikang masulong, kursong agham na pang-laboratoryo, at kursong wikang iba sa Ingles. Sisiguraduhin namin na ummaayon sa *LAUSD Special Education Policies and Procedures Manual* ang AMA, at na makikilahok din ang mga mag-aaral na *Student Success* na may espesyal na pangangailangan at mga mag-aaral na mayroong kapansanan sa mga kursong A-G na kinakailangan para sa pagpasok ng CSU/UC at mga kursong *CTE*. Sa tulong ng mga *para-professionals* at mga teknolohiyang nakakatulong, makakapagtapos ang mga mag-aaral na mahina ang pandinig (*Deaf and Hard of Hearing*) ng mga *A-G Requirements* at mga kursong *CTE* kasama ang kanilang mga kasamang mag-aaral.

Sa AMA, mabibigyan ang bawat mag-aaral ng *class advisory* na pang-indibiwal para makilala nila ng mabuti ang kanilang mga guro't kasamang mag-aaral at para makilala nila ang mga makataong sining sa isang pamamaraan na sumusuporta sa kanilang pag-aaral na pang-indibidwal, maging sila ay may pangangailangang espesyal, likas na matalino, natututo ng wikang Ingles, o nasa

edukasyong pangkalahatan. Magtutulongan ang mga pangkat ng guro upang matuto ang mga mag-aaral ng kaugaliang pang-isip, nakatutok sa pag-aaral, at ulirang panlipunang serbisyo. Matutunan ang mga mag-aaral ng mahahalagang kaalaman sa mga pagkakataong pangkarera at pangkolehiyo mabibigyan sa kanila. Pinakamahalaga, magkikita ang mga mag-aaral sa mga tagapayong pangkarera, pangkolehiyo, at pang-akademya nang hindi kukulang sa dalwang beses kada taon upang mahulma at mabuo ng mga mag-aaral ang kani-kanilang plano para sa apat na taon.

T: Ilarawan ang kultrang pampaaralan na hinahangad ninyo para sa inyong paaralan.

Ang paghubog ng isang mapagmalasakit na kultura ay isang napakahalagang bahagi ng layunin ng aming paaralan. Naniniwala ang AMA na ang mga paaralan ay mga komunidad ng mga taong mapagmalasakit na matiyang nagsisiguro na nakakamit ng bawat mag-aaral ang kani-kanilang mga potensyal sa pamamagitan ng mapaghamon at angkop na trabaho sa isang ligtas at positibong kapaligiran. Nilalayon ng *Academy of Medical Arts* sa *Carson High School* na magbigay ng dedikado't mapananaligang trabaho sa kanyang mga mag-aaral. Ang bawat isang guro ay magbibigay ng mapaghamon na kursong pang-akademya na nakaugnay sa ibang mga kasamang kurso sa baitang at sa indibidwal na araling pang-karerang teknikal. Magkakaroon ng kulturang nagtataguyod sa mga karangalang pang-akademya, kasanayang panlipunan, hangaring pangkarera, pamumuno sa *Health Occupations Students of America*, at sa serbisyong pangkomunidad.

T: Ilarawan ang pang-araw-araw na buhay ng isang mag-aaral ng inyong paaralan.

Dumarating nang 7:45 ng umaga si Riley sa *Academy of Medical Arts* sa *Carson High School*, mas maaga sa 8:00 ng umagang umpisa ng *Carson High School*. Nakikipag-usap si Riley sa kanyang mga kaibigan habang kumakain siya ng isang malusog, balanse't murang (kung hindi libre) umagahan at/o tanghalian na hinahandog ng paaralan sa mga mag-aaral. Kumakain siya sa lugar-kainan sa gitna ng mga gusaling H at S. Pagtunong ng kampana, pumupunta si Riley sa kanyang Unang klase, ang *elective* ng Makataong Sining (*Humanities*). Nagbabasa ang kanyang klase ng mga tula upang matulongan an mga kaklase ni Riley na nangangailangan ng karagdagang tulong sa pagbabasa at wika. Gumagaling si Riley sa kanyang mga kurso bagama't isa siyang *English Language Learner* dahil sa karagdagang atensyon na nakukuha niya sa kanyang unang kurso at sa nag-uugnayang kurikulum ng paaralang nakaugat sa mga proyekto. Nangangarap si Riley na maging isang nars na *pediatric* at nauunawaan ni Riley na makakatulong sa pagkamit ng kanyang hangarin ang mga interesanteng araling pang-akademya, karanasang pangtrabaho, at karagdagang tulong na natatanggap niya sa AMA.

Nagbibigay motibo kay Riley ang kanyang araling pangkarerang teknikal sa ikasampung baitang, *Exploration of Health Careers*, at ang kanyang linggu-linggong natututunan sa araling pantrabaho niya sa Harbor UCLA Medical Center. Sa mga kursong ito, nauunawaan ni Riley ang mga kasanayang kinakailangan niya upang maging matagumpay sa kolehiyo at sa kanyang trabaho bilang isang propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan. Kasama sa palatuntunan ni Riley sa araw na ito ang mga kursong *English 10* at *Physiology*, kung saan nauugnay ni Riley ang binabasa niyang *The Ghost Map* na makasaysayang kathambuhay at ang natututunan niyang mga epekto ng malaria sa katawan. Pagdating ng tanghalian, sinasamahan ni Riley ang kanyang mga kasamang mag-aaral sa AMA at sa pangkalahatang populasyon ng *Carson High School* sa *American Red Cross Club*. Ginagamit ni Riley ang mga proyektong nakumpleto niya sa samahan upang makumpleto niya ang *Career Health Display* niya para sa paligsahan ng HOSA sa California. Gaya ng karamihan ng mga mag-aaral ng AMA, mabubuti ang mga marka ni Riley sa kanyang iksameng peryodikal sa matematika at sa iba pang mga aralin. Nasisiglahan sa matematika ang marami sa mga mag-aaral ng AMA dahil sa mga halimbawang pangmedisina, pangangalaga ng kalusugan, at kalusugang pampubliko na ginagamit ng guro sa kanyang tinuturo upang maugnay at maisulong ang mga tema ng ibang mga pangunahing aralin. Inaabang si Riley ang araling *Medical Math* sa ikalabindalawang baitang. Pagkatapos ng huling kurso niya sa araw, nag-aaral si Riley nang isang

oras sa tulong ng mga *tutor* bago umuwi siya sa kanyang bahay, kung saan nakikibahagi niya ang kanyang kahusayan ukol sa nutrisyon at tamang pagpapasyang pangkalusugan.

T: Paano matutulungan ng mga gawaing nasa labas ng akademya sa paaralan ang layunin at sadya ng inyong paaralan?

Nasa sentro ng kurikulum ng *Academy of Medical Arts* ang mga kasanayang pampamumuno at pampapahayag ng mga mag-aaral. Insinusulong ng mga samahan sa paaralan at ng pakikibahagi sa HOSA ang mga kasanayang pampamumuno ng mag-aaral. Nakaugnay sa aming pakay na *CTE* ang mga samahang lokal kagaya ng *American Red Cross Club* na kaugnay sa lokal na *American Red Cross Chapter*, *Animal Rights Club* na nakaugnay sa mga lokal na silungan ng hayop at beterenaryo, *Autism Speaks Club*, *American Cancer Society Club*, at *Juvenile Diabetes Research Foundation Club*. Sa tulong mga samahang ito, nakakatanggap ang mga mag-aaral ng AMA ng mga karanasan sa *fundraising*, aktibismo, kamalayan, at pakikilahok sa komunidad. Samu't sari ang mga hilig ng mga mag-aaral ng AMA, na nakikita sa mga samahan kagaya ng *Performing Arts Club*, na sumusulong sa kasanayang pansining, *Human Rights Club*, at ang HOSA. Malaya rin ang mga mag-aaral na makisama sa mga samahan at isport ng pangkalahatang *Carson High School* at makilahok sa araling pangkomunidad at pantrabaho.

T: Ilarawan ang mga stratehiyang gagamitin ninyo upang maakit ang mga magulang at tagapangalaga ng mga mag-aaral na tumulong sa kinakamit ng mga mag-aaral.

Naniniwala ang kagawaran ng AMA na ang aming mga mag-aaral ay mga likas-yamang nangangailangang pangalagaan at palakihin. Sa pakikisama ng mga magulang, tagapangalaga, at kabahagi ng komunidad, matutulungan ang mga mag-aaral na umunlad. Sa kasaysayan ng sangay ng kalusugan at medisina, bihira ang pakikisama ng komunidad. Naglalayon ang AMA na ibahin ang ugaling ito sa pamamagitan ng mga naguugnayang aralin, tanggap na *certification programs*, at mga *internships*. Insinusulong ng mga pagsusuri ang paniniwala ng AMA na dapat makibahagi ang mga magulang at komunidad sa programang ito. Sa taong 2000, inihayag ng *Office of Educational Research and Improvement* ng *US Department of Education* na, “Kapag nagtutulungan ang mga paaralan, pamilya, at ang komunidad upang maisulong ang pag-aaral, ang mga mag-aaral ay gumagaling sa kanilang aralin, nananatili sa paaralan nang mas matagal, at mas nagugustuhan ang pag-aaral.” Nagpapalano ang AMA ng mga buwan-buwanang pagtitipon ng *Parent Leadership Committee*, na pinamumunuan ng isang guro at isang magulang. Sa loob ng pagtitipong ito ang mga mas maliit na komiteng pang-akademya at kulturang pampaaralan. Inaanyaya ang mga magulang na makilahok sa mga aralin at makipagtulungan sa mga mag-aaral sa mga proyektong nakaugnay sa pamantayang edukasyon at kapakipakinabang sa kanilang mga magulang at sa mga mag-aaral, kagaya ng pakikipagkalahok ng mga mag-aaral sa *HOSA*, *Project Citizen*, at *Model UN*.

T: Paano makakalap ng guro at magsasahod ng tauhan na magsusulong ng inyong hangaring pang-akademya, panlipunan, at pangkultura ang inyong paaralan?

Binubuo ng mga kwalipikadong gurong pang-akademya at pangkarerang teknikal ang kagawaran ng mga guro ng AMA. Nilalayon namin ang isang paaralan kung saan ang bawat pinuno at tagapagpayo ay nagtuturo ng isang kursong kwalipikado sila. Nagtataglay ang lahat ng guro ng mga malilinaw na krendensyal ng pagtuturo sa California at ng *CLAD certification*. Kailangan sa bawat guro ang pagkawili sa agham pangkalusugan at teknolohiyang pangmedisina. Kailangan rin sa bawat guro ang magandang asal sa pakikipagkapwa para makapagtulung-tulungan ang kagawaran upang makamit ang aming layunin at sadya.

Kabilang sa mga mabuting asal ng mga guro ng AMA ay ang...

- Pagbibigay ng mga karanasang pang-akademya, panlipunan, pangkultura, at pangkaisipan na nakaugnay sa agham pangkalusugan at teknolohiyang pangmedisina. Halimbawa, mamamahala sa mga mag-aaral ang mga guro sa loob at labas ng kampus, kabilang sa mga gawaing ito ang magdamagang biyahe sa mga sangunihan ng HOSA at

pagpapasyal sa mga kolehiyo. Sasama rin ang mga guro sa araling pantrabaho at tutulongin nila ang mga mag-aaral na masaliksik ang buong espektro ng agham pangkalusugan at karerang teknolohikal pangmedisina.

- Paglilikha ng kapaligirang pisikal, emosyonal, at intelektwal na magsusulong sa pag-aaral ng mag-aaral at na nag-uugnay sa iba't ibang kurso't disiplina nang malinaw
- Kamalayan ng mga kalakaran sa pangangalaga ng kalusugan at pagbibigay-galang sa iba't ibang kasanayang kultural at panrelihiyon ukol sa kalusugan at medisina sa loob ng komunidad at sa mundo
- Paghubog ng araling nakaugat sa datos, pangunahing tanong, at pang-akademyang pantukoy
- Pagtatasa ng mga kakayahan ng mag-aaral sa larangan ng kaalamang tugma sa mga kasanayan at ng mga kasanayang nagpapakita ng nag-uugnayang pag-aaral at pagtututong nakaugat sa mga proyekto
- Paggagamit ng samu't saring istrategyang panturo para sa samu't saring pamamaraanang natututo ang mga mag-aaral
- Paggaganyak sa mga mag-aaral na pumasok ng paaralan araw-araw at sa tamang oras
- Pagtatrabaho sa iba't ibang nagkakaugnayang disiplina upang maitaas ang mga marka ng mga mag-aaral sa lahat ng kurso't asignatura, at ang pagsakop ng
- matematika kung saan naaangkop